Tinaasan ng gobyerno ang mga kaukulang parusa sa pagkasala laban sa mga Regulasyong napasa-ilalim ng Ordinansa sa Pagpigil at Pagsupil sa Lumalaganap na Sakit

Inanunsyo ng Gobyerno noong ika-4 ng Disyembre 2020 na ihahayag nito ang mga pagbabago sa mga subsidiary legislation sa ilalim ng Ordinansa sa Pagpigil at Pagsupil sa Lumalaganap na Sakit (Cap.599), dinadagdagan ang parusa sa paglabag sa mga panuntunan sa ilalim ng mga regulasyon upang makatulong sa pagpigil ng mga paglalabag. Ang mga kaukulang pagbabago sa lehislatibo ay magsisimula sa ika-11 ng Disyembre 2020.

Ang mga parusang binago nang ayon sa mga kaugnay na Regulasyon ay ang mga sumusunod:
Regulasyon sa Pagpigil at Pagsupil sa Lumalaganap na Sakit (Pagbabawal sa mga Pagtitipon) (Cap. 599G)

1. Ang sino mang lumahok sa mga pinagbabawal na pagtitipon ay nagkakamit ng paglabag at kinakailangang magbayad ng parusa na tinaas na sa $5,000 mula sa dating halaga nitong $2,000.

Regulasyon sa Pagpigil at Pagsupil sa Lumalaganap na Sakit (Pagsusuot ng Face Mask) (Cap. 599I)

2. Ang sino mang hindi magsuot ng face mask alinsunod sa patakaran sa pagsakay o habang nasa loob ng isang pampublikong sasakyan, pagpasok o habang nasa loob ng MTR area, pagpasok o habang nasa loob ng isang pampublikong lugar (ayon sa Kalihim ng Food and Health, ang mga tinutukoy na pampublikong lugar ay lahat maliban sa mga country park at mga ispesyal na lugar na nabibilang sa section 2 ng Ordinansa para sa mga Country Park (Cap.208)) ay nakagawa ng paglabag. Ang pinakamaataas na parusa kapag nahuli ay itinaas ang piyansa mula ika-2 na antas ($5,000) hanggang ika-3 na antas ($10,000). Ang kasunduang parusa sa pagpapawalang-sala ay itinaas mula $2,000 hanggang $5,000.

3. Ang sinumang hindi magsuot ng face mask alinsunod sa patakaran ay maaaring hindi payagan sa pagsakay o pagpasok sa pampublikong sasakyan ng awtoridad, o paalisin sila sa nasabing lugar o sasakyan upang pagsuotin muna ng face mask. Ang hindi sumunod ay tinuturing na lumalabag. Ang pinakamataas na parusa kapag napatunayan sa pagkakasala ay itinaas ang piyansa mula ika-2 na antas ($5,000) hanggang ika-3 na antas ($10,000).

Regulasyon sa Pagpigil at Paagsupil sa Lumalaganap na Sakit (Compulsory Testing sa mga Piniling Tao) (Cap. 599J)

4. Ang sinumang hindi sumunod sa compulsory testing ay tinuturing na lumalabag. Ang Ang pinakamataas na parusa kapag napatunayan sa pagkakasala ay itinaas ang piyansa mula ika-1 na antas ($2,000) hanggang ika-3 na antas ($10,000). Ang kasunduang parusa sa pagpapawalang-sala ay itinaas mula $2,000 hanggang $5,000.